

LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 1:
MGA KUWENTO SA LIKOD NG AKDA AT PELIKULA

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School



LEARNING STRAND 1

PATNUBAY NG GURO

Alternative Learning System - Accreditation and Equivalency (ALS-A&E)

JUNIOR HIGH SCHOOL: KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO
PATNUBAY NG GURO PARA SA MODYUL 1
(MGA KUWENTO SA LIKOD NG AKDA AT PELIKULA)

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School
Learning Strand 1: Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino
Modyul 1: Mga Kuwento sa Likod ng Akda ng Pelikula

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization
UNESCO Office, Jakarta taong 2020
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

and

Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anumang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hangganan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Joselito D. Daguison	Schools Division Office of Pangasinan I, Department of Education
Mary Ann C. Macaranas	Pangasinan State University
Rechie O. Salcedo	Schools Division Office of Iriga City, Bicol Region, Department of Education



United Nations
Educational, Scientific and
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

Gabay sa Gagamit

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Mga Kuwento sa Likod ng Akda ng Pelikula.

Ang modyul na ito ay pinagtulangang dinisenyo, nilinang, at sinuri ng mga edukador mula sa pampublikong guro sa paaralan at ALS at pamribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy, upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng ALS Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan, at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral sa ALS.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis, at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang guro/tagapagpadaloy sa ALS, inaasahan na maipaliwanag sa mga mag-aaral ang paggamit ng modyul na ito. Kinakailangan din na masubaybayan ang paglago ng mag-aaral sa kanilang pamamahala sa sariling pagkatuto. Higit sa lahat inaasahan din na iyong hihikayatin at gagabayan ang mga mag-aaral sa mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito.

Sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

- Nasusuri ang mga tauhan/tagpuan at mga pangyayari sa napanood na maikling pelikula. (LS1CS/FIL-PD-PPC-MT/JHS-8)
- Natutukoy o nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan at banghay) (LS1CS/FIL-PB-PPD-MB/MT-40)
- Nahuhulaan/ nahihinuha ang maaaring mangyari/ kahihinatnan ng mga pangyayari sa teksto/kuwento gamit ang dating karanasan/ kaalaman (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-49)
- Nakapagbibigay ng wakas sa nabasang kuwento (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-52)
- Nakasusulat ng buod/lagom ng binasa (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)

Ang modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin:

Aralin 1: Mga Elemento ng Kuwento

Aralin 2: Mga Elemento ng Pelikula

Aralin 3: Paghihinuha at Pagwawakas ng Kuwento

Paunang Pagtataya: Ipasagot sa mga mag-aaral ang Subukin Mo na matatagpuan sa pahina 3 hanggang 7. Ipaliwanag ang mga panuto upang masagutan nila ito nang wasto.

Huling Pagtataya: Pagkatapos ng Aralin 1 hanggang Aralin 3, ipasagot sa mga mag-aaral ang Pagtataya na matatagpuan sa pahina 65 hanggang 67.

Elemento ng Kuwento Gabay sa Sesyon: Aralin 01

I. Layunin

1. Natutukoy o nailalarawan ang mga elemento ng kuwento (tauhan, tagpuan, at banghay ng mga pangyayayari) (LSI CS/FIL-PB-PPD-MB/MT-40)
2. Nakasusulat ng buod/lagom ng binasa (LSICS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)

II. Paksa

A. **Aralin 1:** Elemento ng Kuwento

B. **Kagamitan:** Kopya ng mga mga maikling kuwento na nakalagay sa presentasyon at projector.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. **Ipasagot ang Subukin Mo**

2. **Pagganyak**

Magpakita ng isang silent comics na mula sa mga likha ni Manix Abrera. Pangkatin ang mga mag-aaral at magpagawa ng kuwento batay sa sa silent comics na ibinigay sa kanila.

Pag-usapan ang ginawa ng mga mag-aaral.

Maaaring itanong sa bawat grupo ang sumusunod:

- a. Sino-sino ang kanilang mga tauhan?
- b. Saan ang tagpuan o lugar na pinangyarihan ng kuwento?

B. Panlinang na Gawain

1. **Paglalahad**

Ipakita sa mga mag-aaral ang slide na may picture story at ipabasa ang maikling kuwento na “Ano ang nangyari kay Tagpi?” na matatagpuan sa pahina 9. Ipasagot ang mga tanong kaugnay nito. Hayaang ibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot sa mga tanong.

2. **Pagtatalakayan**

- a. Ipakitang muli ang larawan at kuwento at bigyan ng diin ang mga biswal na representasyon ng tauhan, tagpuan, at banghay. Ipabasa mula sa kuwento ang bahagi na naglalarawan sa tauhan, tagpuan, at banghay.
- b. Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga elemento ng kuwento; tauhan, tagpuan, at banghay na tinalakay sa modyul.
- c. Pag-usapan ang mga mahahalagang konsepto na tinalakay sa modyul. Gamitin ang tekstong “Si Mariang Mapangarapin” bilang lunsaran ng pagtalakay sa mga elementong nabanggit.
- d. Talakayin ang balangkas ng elemento ng kuwento upang lalong maunawaan ng mga mag-aaral ang kabuoan nito. Talakayin ang buod/lagom at kung paano ito inihahanda/isinusulat. Maaaring ipabuod sa mga mag-aaral ang binasang kuwento na “Ano ang Nangyari kay Tagpi?”

3. **Paglalahat**

Itanong: Ano-ano ang tatlong pangunahing elemento ng maikling kuwento? Ipaliwanag ang mga ito.

4. **Pagpapahalaga**

Ipabasa ang maikling kuwento na “Tsikot” ni Silayan Roskas na matatagpuan sa pahina 21 hanggang 24 at bigyan ng kopya ng balangkas ng elemento ng kuwento ang mga mag-aaral na matatagpuan naman sa pahina 25. Pasagutan ito sa kanila.

5. **Paglalapad**

Pasagutan ang Gawain II sa mga mag-aaral. Ito ay matatagpuan sa pahina 26.

IV. Pagtataya

Ipabasa sa mga mag-aaral ang teksto na nasa Isagawa na matatagpuan sa pahina 27 at 28. Bigyan ng kopya ang mga mag-aaral ng balangkas ng maikling kuwento at pasagutan ito. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang nilalaman ng rubrik na gagamiting batayan sa kanilang gagawin.

RUBRIK SA PAGBUO NG BUOD/LAGOM

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
ORGANISASYON NG IDEYA SA LOOB NG BUOD.	Napakahusay dahil maayos na naipahayag ang kuwento sa loob ng isang talata at magkakaugnay ang lahat ng ideya sa loob ng buod.	Mahusay dahil naipahayag ang kuwento sa loob ng isang talata at kaunti lamang ang ideya na hindi maayos ang pagkakaugnay sa loob ng buod.	Kailangang baguhin dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng ideya sa halos lahat ng pangungusap sa loob ng buod, gayundin, hindi naipahayag ang kuwento sa loob ng talata.	
NILALAMAN NG BUOD	Napakahusay dahil kinakitaan ang buod lahat ng mga elemento ng kuwento.	Hindi lahat ng elemento ay nasa buod.	Ang buod ay hindi kinakitaan ng mga elemento ng kuwento.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

V. Karagdagang Gawain

Ipabasa sa mga mag-aaral ang kuwentong “Ang Kuwento ni Mabuti” ni Genoveva Edroza-Matute at magpagawa ng Balangkas ng Maikling Kuwento. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno o sagutang papel.

Maaaring bigyan ng kopya ang mga mag-aaral o papuntahin sila sa website na <http://magbasanatayo.blogspot.com/2010/06/ang-kuwento-ni-mabuti.html> upang mabasa ang kabuoan ng maikling kuwento.

“Ang Kuwento ni Mabuti” ni Genoveva Edroza-Matute

Hindi ko siya nakikita ngayon. Ngunit sinasabi nilang naroroon pa siya sa dating pinagtuturuan, sa walang pintang paaralang una kong kinakitaan sa kanya. Sa isa sa mga lumang silid sa ikalawang palapag, sa itaas ng lumang hagdag umiingit sa bawat hakbang, doon sa kung manunungaw ay matatanaw ang maitim na tubig ng isang estero. Naroon pa siya’t nagtuturo ng mga kaalamang pang-aklat, at bumubuhay ng isang uri ng karunungan sa kaniya ko lamang natutuhan.

Lagi ko siyang inuugnay sa karikitan n buhay. Saan man sa kagandahan; sa tanawin, sa isang isipan o sa isang tunog kaya, nakikita ko siya at ako’y lumiligaya. Ngunit walang anumang maganda sa kaniyang anyo... at sa kaniyang buhay...

Siya ay isa sa mga pangkaraniwang guro noon. Walang sinumang nag-ukol sa kaniya ng pansin. Mula sa kaniyang pananamit hanggang sa paraan ng pagdadala niya ng mga panagutan sa paaralan, walang masasabing anumang pangkaraniwan sa kaniya.

Siya’y tinatawag naming lahat na si Mabuti kung siya’y nakatalikod. Ang salitang iyon ang simula ng halos lahat ng kaniyang pagsasalita. Iyon ang pumalit sa mga salitang hindi niya maalala kung minsan, at nagiging pamuno sa mga sandaling pag-aalanganin. Sa isang paraang malirip, iyon ay naging salaminan ng uri ng paniniwala sa buhay.

“Mabuti,” ang sasabihin niya, “... ngayo’y magsisimula tayo sa araling ito. Mabuti nama’t umabot tayo sa bahaging ito... Mabuti... Mabuti!”

Hindi ako kailanman magtatapat sa kaniya ng anuman kung di lamang nahuli niya akong minsang lumuluha; nang hapong iyo’y iniluha ng bata kong puso ang pambata ring suliranin.

Noo’y magtatakinsilim na at maliban sa pabugso-bugsong hiyawan ng mga nagsisipanood sa pagsasanay ng mga manlalaro ng paaralan, ang buong paligid ay tahimik na. Sa isang tagong sulok ng silid-aklatan, pinilit kong lutasin ang aking suliranin sa pagluha. Doon niya ako natagpuan.

“Mabuti’t may tao pala rito,” wika niyang ikinukubli ang pag-aagam-agam sa narinig. “Tila may suliranin... mabuti sana kung makakatulong ako.”

Ibig kong tumakas sa kaniya at huwag nang bumalik pa kailanman. Sa bata kong isipan ay ibinilang kong kahihyan at kaabaan ang pagkikita pa naming muli sa hinaharap, pagkikitang magbabalik sa gunita ng hapong iyon. Ngunit, hindi ako makakilos sa sinabi niya pagkatapos. Napatda ako na napaupong bigla sa katapat na luklukan.

“Hindi ko alam na may tao rito”... naparito ako upang umiyak din.”

Hindi ako nakapangusap sa katapatang naulinig ko sa kaniyang tinig. Nakababa ang kaniyang paningin sa aking kandungan. Maya-maya pa’y nakita ko ang bahagyang ngiti sa kaniyang labi.

Tinanganan niya ang aking mga kamay at narinig ko na lamang ang tinig sa pagtatapat sa suliraning sa palagay ko noo’y siya nang pinakamabigat. Nakinig siya sa akin, at ngayon, sa paglingon ko sa pangyayaring iyo’y nagtataka ako kung paanong napigil niya ang paghalakhak sa gayong kamusmos na bagay. Ngunit, siya’y nakinig nang buong pagkaunawa, at alam ko na ang pagmamalasakit niya’y tunay na matapat.

Lumabas kaming magkasabay sa paaralan. Ang panukalang naghihiwalay sa amin ay natatanaw na nang bigla akong makaalala.

“Siyanga pala, Ma’am, kayo po pala? Ano ho iyong ipinunta ninyo

sa sulok na iyon na... iniiyakan ko?”

Tumawa siya nang marahan at inulit ang mga salitang iyon; “ang sulok na iyon na... iniiyakan natin... nating dalawa.” Nawala ang marahang halakhak sa kaniyang tinig: “sana’y masabi ko sa iyo, ngunit... ang suliranin.. kailanman. Ang ibig kong sabihin ay... maging higit na mabuti sana sa iyo ang... buhay.”

Si Mabuti’y naging isang bagong nilikha sa akin mula nang araw na iyon. Sa pagsasalita niya mula sa hapag, pagtatanong, pagsagot, sa pagngiti niyang mabagal at mahihiyain niyang mga ngiti sa amin, sa paglalim ng kunot sa noo niya sa kaniyang pagkayamot, naririnig kong muli ang mga yabag na palapit sa sulok na iyon ng silid-aklatan. Ang sulok na iyon... “Iniiyakan natin,” ang sinabi niya nang hapong iyon. At habang tumataginting sa silid namin ang kaniyang tinig sa pagtuturo’y hinuhulaan ko ang dahilan o mga dahilan ng pagtungo niya sa sulok na iyon ng silid-aklatan. Hinuhulaan ko kung nagtungo pa siya roon, sa aming sulok na iyong... aming dalawa...

At sapagkat natuklasan ko ang katotohanang iyon tungkol sa kaniya, nagsimula akong magmasid, maghintay ng mga bakas ng kapaitan sa kaniyang sinasabi. Ngunit, sa tuwina, kasayahan, pananalig, pag-asa ang taglay niya sa aming silid-aralan. Pinuno niya ng maririkit na guni-guni ang aming isipan at ng mga tunog ang aming pandinig at natutuhan naming unti-inti ang kagandahan ng buhay. Bawat aralin namin sa panitikan ay naging isang pagtighaw sa kauhawan namin sa kagandahan at ako’y humanga.

Wala iyon doon kanina, ang masasabi ko sa aking sarili pagkatapos na maipadama niya sa amin ang kagandahan ng buhay sa aming aralin. At hindi naging akin ang pagtuklas na ito sa kariktan kundi pagkatapos na lamang ng pangyayaring iyon sa silid-aklatan.

Ang pananalig niya sa kalooban ng Maykapal, sa sangkatauhan,

sa lahat na, isa sa mga pinakamatibay na aking nakilala. Nakasasaling ng damdamin. Marahil, ang pananalig niyang iyon ang nagpakita sa kaniya ng kagandahan sa mga bagay na karaniwan na lamang sa amin ay walang kabuluhan.

Hindi siya bumabanggit ng anuman tungkol sa kaniyang sarili sa buong panahon ng pag-aaral namin sa kaniya. Ngunit bumanggit siya tungkol sa kaniyang anak na babae, sa tangi niyang anak... nang paulit-ulit. Hindi rin siya bumabanggit sa amin kailanman tungkol sa ama ng batang iyon. Ngunit, dalawa sa mga kamag-aral namin ang nakababatid na siya’y hindi balo.

Walang pag-aalinlangan ang lahat ng bagay at pangarap niyang maririkit ay nakapaligid sa batang iyon. Isinalaysay niya sa amin ang katabilan niyon. Ang paglaki ng mga pangarap niyon, ang nabubuong layunin niyon sa buhay. Minsan, tila hindi namamalayang nakapagpapahayag ang aming guro ng isang pangamba, ang pagkatakot niyang baka siya hindi umabot sa matatayog na pangarap ng kanyang anak. Maliban sa iilan sa aming pangkat, paulit-ulit niyang pagbanggit sa kaniyang anak ay iisa lamang ang mga bagay na “pinagtitiisang” pakinggan sapagkat walang paraang maiwasan iyon. Sa akin, ang bawat pagbanggit na iyon ay nagkakaroon ng kahulugan sapagkat noon pa ma’y nabubuo na sa aking isipan ang isang hinala.

Sa kaniyang magandang salaysay, ay nalalaman ang tungkol sa kaarawan ng kaniyang anak, ang bagong kasuotan niyong may malaking lasong pula sa baywang, ang mga kaibigan niyong mga bata rin, ang kanilang mga handog. Ang anak niya’y anim na taong gulang na. Sa susunod na taon niya’y magsisimula na iyong mag-aral. At ibig ng guro naming maging manggagamot ang kaniyang anak- at isang mabuting manggagamot.

Nasa bahaging iyon ang pagsasalita ng aming guro nang isang bata sa aking likuran ang bumulong: “Gaya ng kaniyang ama!”

Narinig ng aming guro ang ang sinabing iyon ng batang lalaki. At siya’y nagsalita.

“Oo, gaya ng kaniyang ama,” ang wika niya. Ngunit tumakas ang dugo sa kaniyang mukha habang sumisilay ang isang pilit na ngiti sa kaniyang labi.

Iyon ang una at huling pagbanggit sa aming klase ng tungkol sa ama ng batang may kaarawan.

Matitiyak ko noong may isang bagay ngang malisya sa buhay niya. Malisya nang ganoon na lamang. At habang nakaupo ako sa aking luklukan, may dalawang dipa lamang ang layo sa kaniya, kumirot ang puso ko sa pagnanasang lumapit sa kaniya, tanganan ang kaniyang mga kamay gaya ng ginagawa niya nang hapong iyon sa sulok ng silid-aklatan, at hilinging magbukas ng dibdib sa akin. Marahil, makagagaan sa kaniyang damdamin kung may mapagtatapatan siyang isang tao man lamang. Ngunit, ito ang sumupil sa pagnanasa kong yaon; ang mga kamag-aral kong nakikinig ng walang anumang malasakit sa kaniyang sinasabing, “Oo, gaya ng kaniyang ama,” habang tumatakas ang dugo sa kaniyang mukha.

Pagkatapos, may sinabi siyang hindi ko makakalimutan kailanman. Tinignan niya ako nang buong tapang na pinipigil ang pangingingin ng mga labi at sinabi ang ganito: “Mabuti...mabuti gaya ng sasabihin nitong Fe-lyon lamang nakararanas ng mga lihim na kalungkutan ang maaaring makakilala ng mga lihim na kaligayahan. Mabuti, at ngayon, magsimula sa ating aralin...”

Natilyak ko noon, gaya ng pagkakatiyak ko ngayon na hindi akin ang pangungusap na iyon, ni sa aking mga pagsasalita, ni sa aking mga pagsusulat. Ngunit samantalang nakatitig siya sa akin nang umagang iyon, habang sinasabi niya ang pangungusap na iyon, nadama kong siya at ako ay iisa. At kami ay bahagi ng mga nilalang na sapagkat nakaranas ng mga lihim na kalungkutan ay nakakikilala ng mga lihim na kaligayahan.

At minsan pa, nang umagang iyon, habang unti-unting bumabalik ang dating kulay ng kaniyang mukha, muli niyang ipinamalas sa amin ang mga nagtatagong kagandahan sa aralin namin sa Panitikan. Ang karikitan ng katapangan; ang karikitan ng pagpapatuloy anuman ang kulay ng buhay.

At ngayon, ilang araw lamang ang nakararaan buhat nang mabalitaan ko ang tungkol sa pagpanaw ng manggagamot na iyon. Ang ama ng batang iyong marahil ay magiging isang manggagamot din balang araw, ay namatay at naburol ng dalawang gabi at dalawang araw sa isang bahay na hindi siyang tirahan ni Mabuti at ng kaniyang anak. At naunawaan ko ang lahat. Sa hubad na katotohanan niyon at sa buong kalupitan niyon ay naunawaan ko ang lahat.

Elemento ng Pelikula Gabay sa Sesyon: Aralin 02

I. Layunin

1. Nasusuri ang mga tauhan/tagpuan at mga pangyayari sa napanood na maikling pelikula. (LS1CS/FIL-PD-PPC-MT/JHS-8)

II. Paksa

- A. **Aralin 2:** Elemento ng Pelikula
- B. **Kagamitan:** Kopya ng mga maikling pelikula, speaker, at projector.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Pag-usapan ang mga mahahalagang punto ng unang aralin. Hayaang magbahagi ng kanilang pananaw ang mga mag-aaral patungkol sa nakalipas na aralin. Maaari ring ipabuod sa mga mag-aaral ang mga napag-usapan/natalakay.

2. Pagganyak

Magpakita ng larawan ng mga kilalang artista sa pelikulang Filipino. Magbigay din ng mga pamagat ng mga pelikulang/teleseryeng Filipino na naaayon sa kanilang panahon.

Pag-usapan kung sino sa mga ito ang kanilang paborito. Kung wala sa ipinakita, hikayating ilarawan ng mga mag-aaral kung sino ang kanilang paborito.

Pag-usapan din kung alin sa mga pelikula/teleserye ang inaabangan o sinusubaybayan nila?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Ipanood sa mga mag-aaral ang maikling pelikula na *Biyaheng Barkada* at ipabahagi ang kanilang mga sagot sa mga kaugnay na tanong. Pag-usapan ang mga sagot ng mga mag-aaral at idagdag sa pag-uusap ang sumusunod na tanong.

- a. Sino ang tauhan na pinaka-tumatak sa inyong isipan?
- b. Anong bahagi ng maikling pelikula ang inyong nagustuhan?

2. Pagtatalakayan

a. Ipakitang muli ang mga larawan at pamagat ng teleserye. Pag-usapan kung sino ang madalas na bida at kontrabida sa mga ito? Hayaang ibahagi ng mga mag-aaral ang kanilang mga sagot. Ipaliwanag na mayroong tatlong pangunahing elemento ng pelikula.

b. Ipabasa sa mga mag-aaral ang pagtalakay sa ilang elemento ng pelikula. Itanong: May pagkakatulad ba ang elemento ng maikling kuwento sa mga elemento ng pelikula? Pag-usapan ang kanilang sagot.

c. Isa-isang talakayin at pag-usapan ang mga elemento ng pelikula. Bigyang pansin ang mga terminong ginamit gaya ng protagonista, antagonist, analepsis, prolepsis, at ellipsis.

d. Ipaliwanag ang mga dapat sundin sa pagkilala/pagtukoy ng mga elemento sa tulong ng balangkas na nasa modyul.

3. Paglalahat

Itanong: Ano-ano ang tatlong pangunahing elemento ng isang pelikula? Paano kaya sinusuri ang isang pelikula batay sa mga elementong ito?

4. Pagpapahalaga

Ipagawa ang Gawain I na matatagpuan sa pahina 42 sa pamamagitan ng pagpapanood ng maikling pelikula na “Musika Ko” ng Sulu Productions at pagpagawa ng isang suring-pelikula.

PATNUBAY NG GURO 2

Ipaliwanag nang maayos ang panuto sa mga mag-aaral upang lubos nilang maunawaan ang paggawa ng gawain.

5. Paglalapat

Pasagutan ang Gawain II sa mga mag-aaral na matatagpuan sa pahina 44. Ipaliwanag nang maayos ang panuto upang lubos na maunawaan ng mga mag-aaral ang gawain. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang nilalaman ng rubrik na gagamiting batayan sa kanilang gagawin.

RUBRIK SA PAGSUSURI NG BANGHAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
NILALAMAN	Nakakitaan ng mahusay na pagka-unawa sa pelikulang napanood batay sa pagsusuring ginawa.	lilan lamang ang impormasyong ibinigay batay sa pelikulang napanood.	Hindi tama ang mga impormasyon na inilagay sa pagsusuri.	
ORGANISASYON	Mahusay at komprehensibo ang nabuong banghay ng mga pangyayari.	Maayos ngunit hindi masyadong komprehensibo ang nabuong banghay ng mga pangyayari.	Hindi malinaw at walang kaugnayan ang mga detalyeng inilahad sa mga bahagi ng banghay ng pangyayari.	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

IV. Pagtataya

Ipagawa sa mga mag-aaral ang “Isagawa” na matatagpuan sa pahina 46. Ipaliwanag sa mga mag-aaral ang panuto at ang rubrik sa pagbuo ng suring-pelikula upang magabayan sila sa lalamanin ng kanilang gawain.

RUBRIK SA PAGGAWA NG SURING-PELIKULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
ORGANISASYON NG IDEYA SA LOOB NG SURING-PELIKULA	Napakahusay dahil maayos at magkakaugnay ang lahat ng ideya sa loob ng suring-pelikula	Mahusay dahil kaunti lamang ang ideya na hindi maayos ang pagkakaugnay sa loob ng suring-pelikula	Kailangang baguhin dahil hindi maayos ang pagsasama-sama ng halos lahat ng ideya sa suring pelikula	
PAGSUSURI SA TAUHAN	Napakahusay dahil kinakitaan ng kompletong pagsusuri sa mga karakter ng tauhan at nailista ang mga ito nang may kompletong detalye	Mahusay dahil kinakitaan ito ng kompletong listahan ng mga tauhan ngunit hindi ganoong ka-komprehensibo ang pagsusuri sa mga ito	Ang suring-pelikula ay hindi nagtataglay ng kompletong listahan ng mga tauhan at hindi maayos na nasuri ang mga ito	
PAGSUSURI SA TAGPUAN	Napakahusay dahil kinakitaan ng kompletong pagsusuri sa tagpuan ng pelikula	Mahusay dahil may pagtatangkang suriin ang tagpuan	Hindi kinakitaan ng pagsusuri sa tagpuan	
PAGSUSURI SA BANGHAY	Napakahusay dahil kinakitaan ng kompletong pagsusuri sa banghay ng pangyayari	Mahusay dahil may pagtatangkang pagsusuri sa banghay ng pangyayari	Hindi kinakitaan ng pagsusuri sa banghay ng pangyayari	
KABUOAN (20 PUNTOS)				

V. Karagdagang gawain

Ipanood sa mga mag-aaral ang maikling pelikula na “Faculty” ni Jerrold Tarog at magpagawa ng isang suring pelikula na kinapapalooban ng tauhan, tagpuan, at banghay. Ipasulat ito sa kanilang kuwaderno o sagutang papel.

Ang maikling pelikula ay matatagpuan sa link na:

<https://www.youtube.com/watch?v=T3K4VSYRzNo>

Paghihinuha at Pagbibigay ng Wakas ng Kuwento Gabay sa Sesyon: Aralin 03

I. Layunin

1. Nahuhulaan/ nahihinuha ang maaaring mangyari/ kahihinatnan ng mga pangyayari sa teksto/kuwento gamit ang dating karanasan/ kaalaman (LS1CS/FIL-PB-PPD-MT/JHS-49)
2. Nakapagbibigay ng wakas sa nabasang kuwento (LS1CS/FIL-PB-PPD-JHS-52)

II. Paksa

- A. **Aralin 3:** Paghihinuha at Pagbibigay ng Wakas ng Kuwento
- B. **Kagamitan:** Slide na naglalaman ng tatalakaying paksa at projector.

III. Pamamaraan:

A. Panimulang Gawain

1. Balik-aral

Talakayin sa mga mag-aaral ang ilan sa mga mahahalagang punto sa unang aralin.

Itanong:

- a. Ano-ano ang mga elemento ng pelikula ?
- b. Ano-ano ang kahulugan ng tauhan?
- c. Ano ang kahulugan ng tagpuan?
- d. Ano ang kahulugan ng banghay?

2. Pagganyak

Itanong:

Nakabasa o nakapanood na ba kayo ng kuwento o pelikulang di tapos o walang ibinigay na wakas? Ano sa tingin niyo ang dahilan ng may-akda? Kung kayo ang may-akda, ano kaya ang ibibigay niyong wakas nito?

B. Panlinang na Gawain

1. Paglalahad

Ipabasa sa mga mag-aaral ang mga sitwasyon na nasa Tuklasin ng modyul na matatagpuan sa pahina 49 hanggang 50. Tumawag ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sagot sa bawat sitwasyon. Pag-usapan ang kanilang tugon at hikayatin ang iba na magbigay rin ng kanilang reaksiyon o hinuha.

Itanong:

- a. Ano sa iyong palagay ang naging dahilan kung bakit iyon ang naging kinalabasan ng wakas para sa iyo?
- b. Ano ang iyong naging batayan para isipin na ang iyong sagot ay ang maaaring kalalabasan o wakas ng mga pangyayari/kuwento?

2. Pagtatalakayan

- a. Ipaliwanag ang kahulugan ng paghihinuha o inferring sa Ingles. Iugnay ito sa naging tugon ng mga mag-aaral sa naunang gawain.
- b. Talakayin ang paggamit ng pang-abay na pang-agam na madalas ginagamit sa paghihinula o paghuhula.
- c. Magbigay ng mga halimbawa nito maliban sa mga nasa modyul. Tumawag din ng mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang hinuha sa wakas ng kuwento/sitwasyon na ginagamit ang mga pang-abay na pang-agam.

3. Paglalahat

Itanong: Sa paanong paraan magiging malinaw at mabisa ang pagbibigay ng hinuha at wakas ng isang kuwento?

4. Pagpapahalaga

Ipasagot sa mga mag-aaral ang Gawain I na matatagpuan sa pahina 54. Ipaliwanag sa mag-aaral ang panuto at ang rubrik sa paggawa ng sariling hinuha.

5. Paglalapat

Ipasagot sa mga mag-aaral ang Gawain II na matatagpuan sa pahina 56. Ipaliwanag sa mag-aaral ang panuto at rubrik sa paggawa ng sariling hinuha. Ipaliwanag ang gagamiting rubrik bilang patnubay at batayan nila sa pagsasagawa ng gawain.

RUBRIK PARA SA PAGGAWA NG SARILING HINUHA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (5 PUNTOS)	KATAMTAMAN (3 PUNTOS)	MAHINA (1 PUNTOS)	ISKOR
PAGIGING AKMA NG GINAWANG HINUHA SA PAUNANG SITWASYON	Mahusay at akma ang ginawang hinuha sa paunang sitwasyon.	Hindi masyadong akma ang ginawang hinuha sa paunang sitwasyon.	Hindi akma ang ginawang hinuha sa paunang sitwasyon	
KABUOAN (5 PUNTOS)				

IV. Pagtataya

Ipabasa sa mga mag-aaral ang maikling kuwento na “Walang Titulo” na matatagpuan sa pahina 57. Ipaliwanag ang panuto at rubrik upang masagutan nila nang maayos ang gawain.

PATNUBAY NG GURO 3

RUBRIK PARA SA PAGBIBIGAY NG WAKAS NG KUWENTO

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (5 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
KAAKMAAN	Napakahusay at akma ang ginawang hinuha sa maikling kuwento	Hindi masyadong akma ang ginawang hinuha sa maikling kuwento	Hindi akma ang ginawang hinuha sa maikling kuwento	
NILALAMAN	Napakahusay dahil kinakitaan ng paggamit ng mga pang-ugnay na pang-agam	Nakapagbigay ng hinuha ngunit hindi kinakitaan ng paggamit ng pang-ugnay na pang-agam	Hindi kinakitaan ng paggamit ng pang-ugnay na pang-agam at hindi nakabuo ng maayos na hinuha sa maikling kuwento	
ORGANISASYON	Ang mga ideya sa ginawang hinuha ay maayos at nauunawaan	Ang ilan sa mga ideya sa ginawang hinuha ay maayos.	Ang kabuoang ideya ng hinuha ay hindi naging malinaw	
KABUOAN (30 PUNTOS)				

V. Karagdagang Gawain

Ipabasa ang mga sumusunod na maikling kuwento at pagsulatin ang mga mag-aaral ng kanilang sariling wakas. Ipasulat ito sa isang malinis na papel.

1. Inutusan si Damon ng kaniyang ina na bumili ng mga sahog ng kanilang uulamin mamayang gabi sa palengke. Habang bumibili siya ng mga kailangan niya ay nakita niyang umiiyak ang isang bata dala-dala ang butas na plastik ng gulay
2. Si Gia ay isang animal lover. Siya ay mahilig sa mga hayop at hilig niya na alagaan ang mga nakikita niyang hayop na pakalat-kalat lamang sa daan. Isang araw, may naririnig siyang umiiyak na parang pusa sa likod ng damuhan.

3. Si Gio at si Albert ay masayang naglalaro ng tagu-taguan. Taya si Gio kaya naman nagpasya si Albert na pumunta sa kanilang tahanan upang magtago. Nang makapasok sa loob, siya ay nagtago sa ilalim ng lamesa kung saan nakalagay ang isang mamahaling vase na ipinamana ng kaniyang lola. Nang makita siya ni Gio ay agad siyang sumigaw at napatayo.

SUBUKIN MO

PAHINA 5

1. D
2. A
3. B
4. D
5. A
6. B
7. D
8. A
9. B
10. A
11. Ibinahagi ni Gino ang kaniyang mga laruan at damit sa mas nangangailangan.
12. Nahulog/Natumba sa bisikleta si Jennica at siya ay nasaktan dahil dito.
13. Siya ay nakapasa at nakakuha ng mataas na grado. Siya rin ay nakapagtapos ng pag-aaral.
- 14-15. Minana ni Juancho ang gawain/trabaho sa kabukiran.

ARALIN 1: MGA ELEMENTO NG KUWENTO

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 25

Pamagat: Tsikot

Mga Tauhan: Niko Meka, Tsikot, at ang may-ari kay Tsikot

Mga Banghay ng Pangyayari:

Pangunahing Pangyayari:

Pagsasalaysay ng pang-araw-araw na biyahe ni Tsikot at ang kaniyang mga karanasan mula sa iba't ibang tao na sumasakay sa kaniya.

Pasidhi o Pataas na Pangyayari:

Pagpunta niya kay Niko Meka upang magpagarahe ay kaniyang naramdaman na tila ba wala na siyang iba pang pakinabang sa mundo kundi ang sakyan ng mga tao at magdulot ng kasiyahan at ginhawa sa kanila.

Karurukan/Kasukdulan:

SUSI SA PAGWAWASTO

Naiinggit siya sa mga sasakyan na tila ba hindi nababahiran ng problema at kahirapan.

Kakalasan o Pababang pangyayari:

Tinanggap na niya na binuo siya para magbigay-saya sa ibang tao ngunit nais na niyang magpahinga at nais niyang magkaroon ng taong tatanggap sa kaniya bilang permanenteng pagseserbisyuhan.

Wakas:

Ibinigay siya kay Neko Meka na siyang bago niyang pagseserbisyuhang amo.

GAWAIN II

PAHINA 26

- | | |
|------|------|
| 1. B | 6. G |
| 2. A | 7. F |
| 3. H | 8. I |
| 4. D | 9. J |
| 5. E | |

ISAGAWA

PAHINA 29

Pamagat: Baka Sakali

Mga Tauhan: Felix at ang HR ng TV Network

Tagpuan: Ang kuwento ay naganap sa restawran at opisina ng HR ng TV Network.

Pangunahing Pangyayari: Masayang sumandal si Felix sa upuan ng restawran dahil inaalala niya ang panayam sa kaniya sa loob ng opisina ng HR ng TV Network.

Pasidhi o Pataas na Pangyayari: Iniisip niya na siya ay matatanggap dahil sa nagingtrato sa kaniya ng HR habang siya'y kinakapanayam. Pumasok sa kaniyang isipan na tatanggapin siya dahil mukhang tipo siya ng HR at ire-rekomenda siya nito sa mga boss.

Karurukan/Kasukdulan: Biglang tumunog ang kaniyang cellphone at siya ay may nakitang mensahe galing sa HR, hindi na niya ito tinapos basahin dahil hindi niya matanggap ang nilalaman ng mahabang mensahe na nakasulat sa Ingles.

Kakalasan o Pababang Pangyayari: Nalaman niya na hindi siya nakapasa sa ibinigay na standardized Test.

Wakas: Itatabi na lamang ang kaniyang data para kung sakaling magkaroon ulit ng bakanteng posisyon ay matingnan ito.

Buod: Sumubok mag-aplay si Felix sa isang TV Network at siya naman ay kinapanayam ng kompanya. Malakas ang kaniyang kutob na siya ay matatanggap dahil bukod sa siya ay natipuhan ng HR, siya rin ay pinangakuan na irerekomenda sa mga boss. Nagulat na lamang siya nang biglang tumunog ang kaniyang telepono dahil sa natanggap na mensahe. Siya raw ay hindi nakapasa sa standardized test kaya naman hindi siya maipapasok sa trabaho na kaniyang inaplayan. Itatabi na lamang umano ang kaniyang mga requirement kung sakaling may susunod na pagkakataon.

ARALIN 2: MGA ELEMENTO NG PELIKULA

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 43

Pamagat: Musika Ko

Mga Tauhan:

Darren - Musikero na mataas ang pangarap para sa kaniyang talento at nais niyang maipahayag ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng mga kantang kaniyang isinusulat.

Gale - Kaibigan ni Darren na walang sawang nagbibigay ng payo sa kaniya tungkol sa pag-aaral at pagsusulat ng kanta.

Mikee - Boyfriend ni Gale na seloso at mapang-abuso.

Banghay ng Pangyayari

Pangunahing Pangyayari: Nakita ni Gale na maagang nagising si Darren ngunit umamin ang binata na hindi siya natulog dahil nagsulat siya ng kanta ngunit binigyan niya ng kasiguraduhan ang dalaga na siya ay papasok ng eskuwelahan.

Pasidhi o Pataas na Pangyayari: Nag-uusap si Darren at Gale tungkol sa pagsusulat ng kanta hanggang sa umabot ito sa pagpuna ni Darren sa ginagawa ni Gale. Umamin ang dalaga na ang ginagawa niyang takdang aralin ay hindi sa kaniya kundi kay Mikee.

Karurukan/Kasukdulan: Nag-away si Gale at si Mikee dahil sa pagiging seloso nito sa kaibigan. Dahil sa sobrang kalungkutan dulot ng away, kinantahan ni Darren si Gale habang nagmumukmok ito. Kasabay ng pagkanta ay ang pagyaya ni Darren kay Gale na pumunta sa kaniyang

SUSI SA PAGWAWASTO

gig. Noong nasa gig na ay nakita ni Darren na may kasamang babae si Mikee kaya sinundan niya ito at kinompronta. Mariin niyang pinagtanggol si Gale at sa hindi inaasahang pagkakataon ay nasa likod pala ni Darren si Gale at narinig niya ang lahat. Tumakbo ang dalaga dahil sa labis na galit at kalungkutan. Noong subuking habulin ni Mikee si Gale ay agad siyang pinigilan ni Darren ng suntok.

Kakalasan o Pababang Pangyayari: Nagmukmok si Gale sa kaniyang kuwarto at kinaumagahan nakita niya ang isang laptop at CD na naglalaman ng mga kanta na isinulat ni Darren at ang mensahe para sa dalaga.

Wakas: Pinakinggan ng dalaga ang kanta at nakaramdam ng tuwa at kilig sa binata.

ARALIN 3: PAGHIHINUHA AT PAGWAWAKAS NG KUWENTO

PAHINA 49

TUKLASIN

1. Si Pedro ay dinapuan ng sipon dahil sa pagligo niya sa ulan.
2. Binigyan ni Sheng ng pagkain ang bata dahil hindi pa ito kumakain.
3. Naging magkaibigan si Marco at ang babae na kaniyang nakatabi.

PAHINA 65

PAGTATAYA

- | | |
|------|-------|
| 1. B | 6. A |
| 2. C | 7. A |
| 3. A | 8. C |
| 4. A | 9. B |
| 5. C | 10. D |

Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansyal.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985
Email Address : blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph